

**Umiiral at binabalak na mga panukala
sa pagtataguyod ng pagkakatantay-pantay ng lahi**

Awtoridad ng Mga Iskemang Mandatory Provident Fund

Pinoprotektahan ng Awtoridad ng Mga Iskemang Mandatory Provident Fund (MPFA) ang mga interes ng mga miyembro ng iskemang Mandatory Provident Fund (MPF) at pinapakalat ang impormasyon ng Sistemang MPF sa lahat ng mga miyembro ng publikong magkapareho, kabilang ang mga taong magkakaibang lahi.

Ang mga panukalang ipinatupad ng MPFA upang maitaguyod ang pagkakatantay-pantay ng lahi at matiyak ang pantay-pantay na paglapit ng mga miyembro ng publiko sa mga serbisyo nito anuman ang kanilang etnikong pinagmulan ay nakasaad sa ibaba -

A. Pagsasapubliko, Edukasyong Pampubliko at Pakikipag-ugnay sa mga Stakeholder

- | | |
|-----------------------------|---|
| Mga Serbisyon May Kinalaman | <ul style="list-style-type: none">• Ang MPFA sa pamamagitan ng iba't ibang mga programang pagsasapubliko, edukasyon at pakikipag-ugnay ay nagbibigay ng impormasyon tungkol sa Sistemang MPF sa pangkalahatang publiko. |
| Umiiral na Mga Panukala | <ul style="list-style-type: none">• Ang impormasyon tungkol sa MPFA at ng Sistemang MPF ay makukuha sa websayt ng MPFA sa parehong Tsino at Ingles.• Ang mga polyeto/libretong pang-edukasyon at pagsasapubliko at ibang mga pahayagan tulad ng mga ulat at form ay inilathala sa Tsino at/o Ingles.• Dalawang polyeto, ito ay ang “Ano ang dapat malaman ng mga kawani tungkol sa MPF” at “Default Investment Strategy (DIS)” sa Urdu at Nepali ang ginawa at ipinamahagi sa humigit-kumulang 30 na kaugnay na mga organisasyong hindi sa pamahalaan (mga NGO) para sa pagbabahagi sa mga miyembro ng iskemang magkakaibang lahi na kanilang binibigyan ng mga serbisyon kapakanang panlipunan.• Ang mga paanyaya ay iniabot sa mga kaugnay na NGO para sa pag-aayos ng usapang MPF ng mga kinatawan ng MPFA para sa kanilang mga miyembrong magkakaibang lahi. |

Mga
Karagdagang
Panukalang
Ipatutupad

- Ang MPFA ay:
 - patuloy na makikipag-ugnay sa mga may kinalamang NGO upang palakasin ang pakikipagtulungan na may layunin sa pagbibigay ng suporta sa mga miyembro ng iskemang MPF na magkakaibang lahi sa pamamagitan ng mga angkop na gawain;
 - susuriin ang mga programang pagpopondo sa mga kaugnay na mga NGO para sa pagkakalat ng mga mensahe ng MPF sa mga miyembro ng iskema na magkakaibang lahi; at
 - susuriin ang posibilidad ng pag-aayos ng mga usapang MPF sa mga manggagawang panlipunang nakatuon sa mga serbisyo sa magkakaibang lahi at mga kawaning magkakaibang lahi na nagtatrabaho sa mga kaugnay na mga NGO (programang pagsasanay-sa-tagapagsanay) sa darating na taon.

B. Paghawak ng Mga Katanungan at Reklamo

Mga
Serbisyong
May
Kinalaman

- Ang MPFA ay tumatanggap at humahawak ng mga katanungan at reklamo sa mga bagay na may kinalaman sa MPF mula sa mga miyembro ng publiko.

Umiiral na Mga
Panukala

- Ang mga miyembro ng publiko ay maaaring gumawa ng mga katanungan o maghain ng reklamo sa MPFA sa Tsino o Ingles.
- Kung sakaling may mga problema sa komunikasyon dahil sa hadlang sa wika, mag-aayos ng mga serbisyong interpretasyon.

Mga
Karagdagang
Panukalang
Ipatutupad

- Mag-aayos ng pagsasanay para sa mga kawani upang mapahusay ang kanilang kamalayan, at pagiging sensitibo sa, mga isyu sa pagkakapantay-pantay ng lahi.

Pagtatasa ng Gawain sa Hinaharap

Pana-panahong susuriin ng MPFA ang mga serbisyo nito para sa pagpapabuti, isinasaalang-alang ang mga tugon mula sa publiko at mungkahi ng mga kawani ng MPFA.

Mga Katanungan

Para sa mga katanungan tungkol sa mga umiiral at binabalak na mga panukala sa pagtataguyod ng pagkakapantay-pantay ng lahi, mangyaring makipag-ugnay kay Bb Alice Tang, Nakatataas na Tagapamahala ng Corporate Affairs, sa pamamagitan ng mga sumusunod na pamamaraan

- Hotline : 2918 0102
- Fax : 2259 8806
- E-mail : mpfa@mpfa.org.hk

**Awtoridad ng Mga Iskemang Mandatory Provident Fund
Mayo 2020**